



Peer Review Report Form

Pamagat ng Manuskrito:	"K BIK: E- Kagamitang Pantulong Bilang Lunsaran sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Kuwentong Bayan sa Dibisyon ng Camarines Norte"
Uri ng Artikulo:	Orihinal na Artikulo

UNANG YUGTO

Editor

<u>Pangkalahatang Puna</u> Kinikilala ng mga tagasuri ang kahalagahan ng inyong manuskrito at inirerekomenda ang mga rebisyon upang higit pang mapabuti ang kalinawan, organisasyon, at pangkalahatang kalidad nito. Bukod dito, kinakailangan ninyong magsagawa ng masusing imbentaryo ng mga sanggunian sa inyong manuskrito. Tiyakin na ang mga sangguniang binanggit lamang sa loob ng manuskrito ang nakatala sa seksyong "Mga Sanggunian", gayundin, na ang lahat ng sanggunian ay maayos na nabanggit sa manuskrito. Halimbawa, kung may 20 sangguniang binanggit sa manuskrito, dapat ay 20 lamang din ang nasa seksyong "Mga Sanggunian". Gayunpaman, tandaan na ang paulit-ulit na pagbanggit sa iisang sanggunian sa loob ng manuskrito ay binibilang bilang isang <i>entry</i> lamang; kaya maaaring mas mababa ang bilang ng mga entry sa seksyong ito, kumpara sa kabuoang bilang ng <i>in-text citations</i>. Dagdag pa rito, napansin na karamihan sa mga sanggunian ay hindi matatagpuan online. Mangyaring iberepika ang lahat ng sanggunian at tiyakin ang katumpakan. Maglagay ng wastong website link o DOI sa bawat sanggunian, at siguraduhing tumutugma ang detalye ng sanggunian sa ibinigay na link o DOI. Ang lahat ng sanggunian ay isa-isang susuriin para sa beripikasyon.



Tagasuri 1

<u>Pangkalahatang Puna</u>
May kabuluhan ang manuskripto dahil tinatalakay nito ang pagbuo ng K BIK bilang e-kagamitang pantulong sa pagtuturo ng kuwentong bayan sa Filipino 7, lalo na sa konteksto ng kakulangan ng angkop na materyales sa bagong kurikulum. Gayunman, kailangan pang patibayin ang metodolohiya at pagsusuri upang mas maging kapanipaniwala ang pahayag na epektibo ang kagamitan.

<u>Tiyak na Puna</u>
Kailangang linawin ang limitasyon ng <i>one-group pretest-posttest design</i> . Dahil walang <i>control group</i> , mahirap tiyakin kung ang pagtaas ng marka ay dahil lamang sa K BIK at hindi dahil sa ibang salik tulad ng pagtuturo ng guro, oras ng pag-aaral, o <i>exposure</i> ng mga mag-aaral sa paksa.
Dapat palalimin ang paliwanag sa proseso ng pagbuo at balidasyon ng K BIK. Nabanggit ang paggamit ng <i>LRMDS tool</i> , ngunit kailangan pang ipakita kung sino ang mga tagasuri, ilan sila, ano ang kanilang kwalipikasyon, at paano ginamit ang kanilang puna sa rebisyon ng materyal.
Medyo malakas ang ilang pahayag sa Diskusyon at Kongklusyon. Halimbawa, sinasabing napatunayan ang bisa ng K BIK, ngunit ang disenyo ng pag-aaral ay limitado. Mas mainam kung gagamit ng mas maingat na pahayag tulad ng “nagpapahiwatig ng positibong epekto” kaysa direktang sabihing “napatunayan.”
May kailangang ayusin sa teknikal na bahagi ng kagamitan. Sa resulta, ang pamantayan tungkol sa teknikal na problema ay may pinakamababang marka. Mahalaga itong talakayin nang mas malinaw dahil maaaring makaapekto ito sa aktwal na paggamit ng K BIK sa mga paaralan, lalo na kung may limitasyon sa <i>device</i> , <i>internet</i> , o <i>access</i> ng mga mag-aaral.

Mangyaring ipahiwatig ang iyong pasya sa pamamagitan ng pag-tsek sa naaangkop na kahon sa ibaba.

<u>Pasya</u>	
	Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon.
✓	Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri.
	Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon.



Tagasuri 2

Pangkalahatang Puna

Magandang araw. Matapos kong suriin ang inyong papel, nais kong batiin ang mga may-akda sa pagpili ng isang napapanahon at makabuluhang paksa. Ang integrasyon ng lokal na panitikan (kuwentong bayan) at makabagong teknolohiya (e-kagamitan) ay may malaking ambag sa pagpapaunlad ng edukasyon sa bansa.

Tiyak na Puna

Sa bahagi ng Introduksyon, walang malinaw na teorya na pinagbatayan ang pag-aaral. Para sa isang *journal*, kailangang maipaliwanag kung bakit ang isang *e-learning tool* ay makakatulong sa pag-unawa sa pagbasa o pag-unawa ng kultura. I-angkla ang pag-aaral sa mga kilalang teorya tulad ng *Cognitive Theory of Multimedia Learning* ni Mayer, o kaya ay ang *Constructivist Learning Theory*. Makakatulong ito para maipaliwanag nang mas malalim kung paano pinoproseso ng mga mag-aaral ang impormasyon gamit ang "K BIK".

One-Group Pretest-Posttest Design - Isa itong mahinang disenyo ng pananaliksik (*pre-experimental*) dahil walang *control group*. Dahil dito, mahirap patunayan na ang "K BIK" lang talaga ang dahilan ng pagtaas ng marka ng mga bata. Maaaring may iba silang nabasa, o kaya ay naging pamilyar lang sila sa mga tanong sa pagsusulit (*testing effect*). Kung hindi na posibleng magkaroon ng *control group* ngayon, kailangang ilagay ito bilang isang malaking limitasyon sa dulo ng papel at ipaliwanag kung paano ninyo sinubukang pagaanin ang mga *threats to internal validity*.

Binanggit ang *Stratified Random Sampling*, pero hindi idinetalye kung ano ang mga strata na ginamit. Hinati ba sila ayon sa seksyon? Ayon sa laki ng paaralan? Kailangan itong ilahad para sa replicability ng pag-aaral.

Binanggit ang *Data Privacy Act of 2012*, na isang magandang hakbang. Subalit, ang mga kalahok (Grade 7) ay mga menor de edad. Walang binanggit sa papel tungkol sa *Informed Consent* mula sa mga magulang at *Assent* mula sa mga bata. Kailangang isama sa Metodolohiya kung paano hiningi ang pahintulot ng mga magulang bago isinagawa ang *pre-test* at *post-test*.

Ang papel ay may disenyong *developmental*, pero nakulangan ako sa pagtalakay kung paano eksaktong binuo ang "K BIK". Hindi sapat na sabihing binuo ito at ipinasuri sa LRMSD. Ipaliwanag nang maikli ang *software development* model na ginamit (halimbawa: *ADDIE model* - *Analysis, Design, Development, Implementation, Evaluation*). Sino ang nag-programa? Paano pinili ang mga *graphics*? Ito ay magbibigay ng bigat sa "developmental" na aspeto ng papel.

Nagpakita kayo ng *Paired T-test* at *p-value* (0.000) na nagpapatunay na may makabuluhang pagkakaiba. Pero sa pamantayan ng mga internasyonal na *journal*, kailangang maglagay ng *Effect Size* (halimbawa, Cohen's d). Sinasabi ng *t-test* na may pagbabago, pero ang *effect size* ang magsasabi kung gaano kalaki o kapraktikal ang pagbabagong iyon.

Masyadong naka-depende ang Diskusyon sa pag-uulit ng mga numero at porsyento mula sa mga talahanayan. Sa halip na ulitin ang datos, ipaliwanag kung bakit ganito ang resulta. Halimbawa, bakit sa aspeto ng "Kultura" ay medyo mababa pa rin ang resulta kumpara sa "Nilalaman" kahit ginamit na ang *app*? Ano ang nagiging *cognitive load* o hadlang sa bata



pagdating sa kultura? Iugnay ang diskusyon pabalik sa inyong Teoretikal na Balangkas at sa mga kaugnay na literatura.

Mangyaring ipahiwatig ang iyong pasya sa pamamagitan ng pag-tsek sa naaangkop na kahon sa ibaba.

<u>Pasya</u>	
	Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon.
✓	Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri.
	Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon.

IKALAWANG YUGTO

<u>Pasya</u>	<u>Editor</u>	<u>Reviewer 1</u>	<u>Reviewer 2</u>
Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon.	/	/	/
Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri.			
Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon.			